# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN



## MODYUL 8

# Ang Simbahang katoliko: Isang Makapangyarihang Institusyon sa Gitnang Panahon

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 8

## ANG SIMBAHANG KATOLIKO: ISANG MAKAPANGYARIHANG INSTITUSYON SA GITNANG PANAHON

Sa modyul na ito ay malalaman ntin ang paglakas ng Simbahang katoliko bilang isang makapangyarihang intitusyon sa Gitnang panahon. Dito rin malalman ang tungkol sa naganap na krusada. Natitiyak ko na may nalalaman ka sa mhga pag-uusapan natin dito dahil sa karamihan sa atin dito sa Pilipinas ay kristiyano. Handa ka na ba na balikan natin ang nakaraan at alamin ang tungkol sa makapangyarihang simbahang ito?

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang simula ng Pagplaganap ng Kristyanismo
- Aralin 2: Ang Kapapahan
- Aralin 3: Ang Krusada

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay mo ang Paglakas ng Simbahang Katoliko Bilang Isang Makapangyarihang Institusyon sa Gitnang Panahon;
2. Maipaliliwanag mo ang Yungkol sa Kapapahan; at
3. Maisasalarawan mo ang naganap na krusada sa Gitnang Panahon.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng Tamang Sagot.

1. Isang banal na digmaan na inilunsad ng Simbahang Kristiyano laban sa mga Turkong Muslim na sumakop sa Jerusalem.
   A. Kabalyerismo
   B. Krusada
   C. Piyudalismo
   D. manoryalismo.

2. Ang kinikilalang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko ay ang:
   A. Obispo
   B. Hari
   C. Papa
   D. Arsobispo.

3. Si Jesus ay kinikilala ng mga kristiyano na:
   A. Propeta
   B. Hari ng Hudyo
   C. Messiah
   D. Apostole.

4. Ang Papa na naghimok sa mga kabalyero na maging krusador ay si:
   A. Papa Leo I
   B. Papa Urban II
   C. Papa Innocent I
   D. Papa Gregory VII

5. Ang Krusada ay masasabing bigo ngunit ang magandang naidulot nito sa kristiyanismo ay:
   A. ang paglakas ng kapangyariahn ng Simbahan
   B. ang pag-unlad ng kultura ng Simbahan
   C. ang pagsama ng mga Hari sa Europa sa krusada
   D. ang pagkilala sa Kristiyanismo sa buong mundo

6. Ang kristiyanismo ay nagmula sa relihiyong:
   A. Hudaismo
   B. Zoroasterianismo
   C. Hudaismo
   D. Budahismo

7. Ang Kristiyanismo at Islam ay may parehong paniniwala tungkol sa:
    A. Pagkadiyos ni Jesus
    B. Pagkapropeta ni Jesus
    C. Pinagmulang lahi ni Abraham
    D. Bagong testamento.

8. Ang estadong pinamamahalaan ng Papa ay:
    A. Roma
    B. Vatican
    C. Venice
    D. Florence

9. Ang lupaing sinakop ng mga Turkong Muslim ay:
    A. Roma
    B. Byzatine
    C. Jerusalem
    D. Egypt


10. Kung Roma ang nagging sentro ng kristiyanismo sa kanlurang Europa, ano naman ang sentro ng kristiyanismo sa silangan?
    A. Roma
    B. Jerusalem
    C. Egypt
    D. Byzatine.

**ARALIN 1**

**ANG SIMULA NG PAGPLAGANAP NG KRISTYANISMO**



Karamihan sa mga Pilipino ay kristiyano. Sa totoo lang ang Pilipinas ang nag-iisang bansa sa Asya na maituturing na kristyanismong bansa. Ikaw ba ay nabibilang sa mga kristiyano ditto sa ating bansa? Kung ganoon, may kaalaman ka sa simula at paglaganap ng kristyanismo



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang pinagmulan ng kristyanismo;
2. Maisasalaysay ang buhay ni Jesus; at
3. Maipaliliwanag ang pagpapalaganap ng kristyanismo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang Pasko at Semana Santa o Mahal na Araw ay dalawang pagdiriwang na napakahalaga sa mga kristyano. Gawin ang sumusunod:

1. Magbigay ng pakahulugan mo sa:

   a. Pasko - ____________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

b. Semana Santa - ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Magtala ng tatlong bagay na ginagawa ng kristyano sa mga pagdiriwang na ito.

| **Pasko** | **Semana Santa** |
| --- | --- |
| 1. ____________________ | 1. ____________________ |
| 2. ____________________ | 2. ____________________ |
| 3. ____________________ | 3. ____________________ |
| 4. ____________________ | 4. ____________________ |
| 5. ____________________ | 5. ____________________ |

**Ang Simula at Paglalakbay ng Kristyanismo**

Ang Simbahang Katoliko bilang institusyong panrelihiyon ay nagging matatag sa mga huling taon ng kasikatan ng Emperyong Roma.
Ang pagsimula ng relihiyong ito ay sa Palestine na ngayon ay kilala bilang bansang Israel. Napalaganap ito sa Emperyong Roma at sa panahon ni Emperador Constantine (313 AD) ito ay kinilalang relihiyon ng buong emperyo.

Nang bumagsak ang Emperyong Roma sa kanluran (5$^{th}$ century AD) ang simbahan ang nagsilbing institusyon sa pagbangon at pagtuloy ng sibilisasyon.

**Ang Pinagmulan ng Kristyanismo**

Ang kristyanismo ay sumibol bilang isang sekta sa mga Hudyo. Ang mga disipulo o mga tagasunod ni Jesus ay naniwala na Siya ang hinhintay nilang Tagapagligtas o Mesiah. Si Jesus mismo ay isang Hudyo kaya ang mga turo ni Jesus ay ayon din sa mga itinuturo ng mga Hudaismo katulad ng sumusunod: ang paniniwala sa iisang makapangyarihang Diyos; ang paniniwala sa "Creation" kung saan ang kinikilalang unang tao ay si Adan at Eba; ang pagsunod sa sampung utos ng Diyos; at ang paniniwala sa pagdating ng Tagapagligats o Messiah. Ang banal na aklat ng mga Hudyo ay siyang itinuturing na "Old Testament" ng mga kristiyano. Sa aklat natio ay mababasa ang kasaysayan ni Abraham, ang itinuturing na "Ama ng mga Hudyo". Ang kaganapan tungkol sa pagsibol ng Huaismo ay nagsimula kay Abraham na mula sa semitikong Tribo sa Mesopotamia.

Naparami ang tribon ni Abraham sa panahon ng apo niya na si Jacob, ngunit nakaranas sila ng tagutom sa Palestine at napilitan silang pumunta sa Eghipto kung sa haba ng panahon nila doon ay naparami sila at ginawang alipin ng Paraoh hanggang natalaga si Moses ng kinikilala nilang diyos na si Jehovah o Yahweh na ibalik silang mga Hudyo sa Palestina.

Kay Moises ibinigay ng Diyos ang Sampung Utos. Sa pagbalik ng mga Hudyo sa Palestine pinangalanan nila ang lugar na Israel.

Ang mga Hudyo ay ilang beses napalaban sa sari-saring mananakop, tulad ng Persia at Babylonia subalit nanatili silang matatag bilang mga Hudyo na may sariling kultura kahit sila ay nasakop o napadpad sa iba't-ibang bahagi ng mundo. Sa gabay ng kanilang Propeta, sila ay naniwala na sila ay dindaan sa pagsubok ni Yahweh. Ang mga karanasang ito ang napatibay sa kanila ng paniniwala na iisa lamang ang makapangyarihang Diyos. Dito nagsimula ang monoteyismo na siyang nagging pamana ng lahing Hudyo sa sanlibutan.

**Ang Buhay at Turo ni Jesus**

Si Jesus ay ipinanganak na Hudyo dahil sa ang kanyang ina na si Maria at ang kinikilalang ama na si Jose ay kapwa Hudyo. Si Maria ay pinagpala ng Diyos na siyang

nagsilang sa Tagapagligtas. Namulat si Jesus at lumaki sa turong Hudyo. Dahil sa Siya ang pinaniwalaang Tagapagligtas, nangaral siya kung papaano mailigtas ng tao ang sarili.

Ang turo ni Jesus ay napapaloob sa apat na “gospel” nina Mateo, Marcos, Lucas at Juan. Itong mga turo ay napaploob sa “New Testament”.

Sa paliwanag ni Jesus, dalawa lamang ang utos ng Diyos: mahalian ang Diyos higit sa lahat at mahalin ang kapwa tulad sa sarili.

Ang paggawa ng mabuti sa kapwa ay binigyang diin ni Jesus sa kanyang “Sermon on the Mount”. Dahil sa maraming naakit sa turo ni Jesus, siya ay pinagbintangan ng mga Hudyo na impostor na nagpapanggap na anak ng Diyos na siyang Tagapagligtas. Dahil dito, siya ay ipinagkanulo nila hanggang siya ay maparusahan ng pagpako sa Krus. Namatay siya sa Krus, inilibing ngunit pagkatapos ng tatlong araw siya ay nabuhay muli.

Ang pagsilang ni Jesus ay siya nating pinagdiriwang na Pasko at ang kanyang paghihirap at pagkapako sa Krus kung saan siya ay namatay ay ginugunita natin sa Mahal na Araw o Seman santa.

**Ang Paglaganap ng Kristiyanismo**

Sa pagkabuhay (*Resurrection*) ni Jesus muli Siyang nakasama ng kanyang mga apostoles o tagasunod at dito niya ipinaliwanag ang maging gawain nila kung Siya ay babalik na sa Ama. Nag Siya ay umakyat sa langit (Ascension) ipinangako niya sa kanyang mga Apostoles na sila ay gagabayan ng Espiritu Santo.

Ang gamit ng salitang Kristiyano ay nagsimula sa Antioch (Syria) at tumutukoy sa mga disipulo ni Jesus. Ang mga unang Kristiyano sa Antioch ay mga Gentiles (mga lahing hindi Hudyo). Sa pamamagitan ni Barnabas si Paul ay nagging masugid na disipulo ni Jesus at siyang naghikayat sa mga Gentiles na maging Kristiyano. Si Barnabas at Paul ang nagpalaganap ng Kristiyanismo bilang isang pandaigdigang relihiyon mula sa pagiging sekta lamang ng Hudyo.

Mabilis ang paglaganap ng Kristiyanismo sa pamamagitan ng mga misyonero na naglakbay sa bawat bansa sa Mediterranean. Laong nagging matibay ito sa panahon ni Emperor Constantine ng gawin niyang relihiyon ng Estadong Roma ang Kristiyanismo. Ang Roma ang nagging sentro ng Kristiyanismo sa kanluran at malakas din ito sa Byzantine. Lumaganap ito sa Britanya at Irelang sa pamamagitan ni San Agustine.

Malaking tulong din ang ginawa ng mga monghe lalo na sina San Basiliuo at San Benedicto kung saan ang mga moansteryo ang nagsilbing sentro ng panalangin, edukasyon, sining at "*enlightenment*"



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Alam mo ba ang kwento ni Jesus sa Gospel tungkol sa "Mabuting Samaritano"? Sa isang pirasong papel, ibigay ang buod ng kwento at isulat ang turo na binigyan ng diin ni Jesus dito.



**Tandaan Mo!**


- Ang Kristiyanismo ay nag-ugat sa Hudaismo. Si Jesus ang pinadalang Tagapagligtas o Messiah ng Diyos Ama ngunit hindi Siya tinanggap ng mga Hudyo. Siya ay pinako sa Krus ngunit nabuhay muli at ang kanyang turo ay pinalaganap ng kanyang mga apostoles, disipulo at tagasunod.

**ARALIN 2**

**ANG KAPAPAHAN**



Kilala mo ba si Papa Juan Pablo XXIII? Bakit bukam-bibig ang pangalan niya sa buong daigdig? Anong gulang ka ng huling pumunta siya ditto at paano siya tinanggap ng mga tao?



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matutukoy ang pinagmulan ng kapapahan;
2. Maipapaliwanag ang mga salik sa paglakas ng kapangyarihan ng Papa; at
3. Mauunawaan ang tungkuling ginagampanan ng mga namumuno ng simbahan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Sa organisasyon sa simbahan, paano ang pagbabanghay mo sa mga sumusunod na opisyales?

   a. Pari
   b. Arsobispo
   c. Papa
   d. Obispo

B. Punuan ang mga pangalan ng mga opisyales sa iyong probinsya o syudad.

   a. Pari - ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   b. Arsobispo - ________________________________________
   ____________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Papa - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d. Obispo - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Ang Kapapahan**

Ang kapapahan (Papa) ay tumutukoy sa tungkulin, panahon, ng panunungkulan at kapangyarihang pangrelihiyon ng Papa bilang pinuno ng Simbahang Katoliko, gayun din ang kapangyarihang pampulitika bilang pinuno ng estado ng Vatican.

Ang salitang “Pope” ay ngangangahulugang AMA na nagmula sa salitang Latin na “Papa”. Noong unang panahon itinuturing ng mga kristyano ang “Papa” bilang ama ng mga kristyano, na siya pa ring tawag sa kanya sa kasalukuyang panahon.

**San Pedro: Unang Obispo ng Roma at Unang Papa**

Bago umakyat sa langit si Jesus tatlumpong araw mula sa kanyang pagkbuhay (*Resurrection*) inihabilin niya kay Apostol Simeon ang pagtatag ng simbahan ng sabihin niya “Ikaw si Pedro at sa batong ito Ako magtatatag ng simbahan”. Ang salitang Pedro ay hango sa salitang Latin na “Petrus” na ang ibig sabihin ay bato. Si Simeon ay nagging si Pedro at sa kanya naatang ang pagtatatag ng Simbahan ni Jesus.

Si Pedro ay napunta sa Roma kung saan pinalaganap niya ang Kristyanismo at nagging unang Obispo ng Roma. Naranasan niya at ng iba pang nagging Kristyano ang pagmamalupit ng pamahalaang Romano hanggang siya ay mabitay. Magmula noong unang daang taon, ang mga sumunod na Obispo ng Roma ay itinuring na pinuno ng Simbahang Kristyano. Ang pagbibigay halaga sa kapangyarihan ng Obispo ng Roma ay kilala lahat ng miyembro ng Simbahang Kristyano. Bilang pinuno ng Simbahang Kristyano siya ay tinawag na *Papa*.

**Mga Salik sa Paglakas ng Kapangyarihan ng Papa**

Ang unang salik sa pagkilala sa lakas ng kapangyarihan ng Papa ay sa panahon ng pagbagsak ng Emperyong Roma. Mga barbaro mula sa Germany ang lumusob sa Roma at sinira nila ang naitayong sibilisasyong Roma. Ang pagkasira ng sibilisasyong ito ay itinuring na "madilim na Panahon" (Dark Age). Sa "kadilimang" ito bumangon ang Simbahang Kristyano at nahikayat ang mga barbaro na tanggapin ang relihiyong ito. Ang Simbahan ang nangalaga sa material na pangangailangan ng tao.


Pangalawang salik ay ang matatag at mabisang organisasyon ng Simbahan. Ang Papa ang kataastaasang pinuno ng Simbahang Krisyano. Sumunod sa kanya ang arsobispo na may kapangyarihang panrelihiyon sa mga Obispo. Sumunod nito ay ang Obispo na namumuno sa bawa't Diyosesis. Ang Diyosesis ay binubuo ng mga bayan at ang mga bayan ay pinamumunuan ng mga pari na kilala sa taguring "Kura Paroko".

Ang matatag na organisasyon ng Simbahan ay nakapagpatibay ng impluwensiya ng Simbahan sa mga tao at pinuno.

Ang ikatlong salik ay ang paglilingkod ng mga monghe. Ang mga monghe ay madaling nakahikayat ng mga barbaro sa Kristyanismo. Sila rin ang nagliwanag ng kaisipan ng taol sa pamamagitan ng pagtatag ng paaralan. Sila ay nagtayo nga mga ospital at tinulungan ang mga may sakit. Pinaunlad din nila ang sakahan. Sa ginawa nilang ito, pinahanga nila ang mga tao at naakit sila sa Kristyanismo.

Pang-apat na salik ay ang magandang uri ng pamumuno ng simbahan. Maraming Papa ang nagpakita ng kagalingan at katatagan ng paninindigan bilang

pinuno. Si Papa Leo the Great ang nagbigay diin sa Petrini Doctrini na ang Obispo ng Roma ang tunay na pinuno ng Kristyanismo; Si Papa Gregory I ang nakahikayat sa mga tribong barbaro na sumampalataya kay Jesukristo at siya rin ang nagpalaganap ng Kristyanismo sa malalayong lugar ng kanlurang Europa; Si Papa Gregory VII ang nagbawi sa mga hari ng karapatang magkaloob ng kapangyarihan sa mga tauhan ng simbahan; at si Papa Innocent III ang nagpuwersa kay Haring John ng England na maging sakop ng England.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng maikling talambuhay ni Papa John Paul XXIII, ang kasalukuyang Papa. Batay sa iyong nabasa tungkol sa kanya, ano ang katangian niya na hinahangaan mo? Isulat ito sa huling bahagi ng isinulat mong talambuhay.



**Tandaan Mo!**


- Ang Papa ang pinuno ng Simbahang Katoliko. Ang unang kinilalang pinuno ay ang unang Obispo sa Roma na si Peter. Ang Obispo ng Roma ang siyang kinilalang pinuno rin ng Simbahang Katoliko at siya ay tinawag na Papa na ang kahulugan ay ama ng mga Kristyano. Ang Papa ay napakamakapangyarihan noong gitnang panahon.

**ARALIN 3**

**ANG KRUSADA**



Napanood mo ba ang pelikulang Robin Hood, Ivanhoe o Richard the Lion Heart? Ito ay mga pelikula na nagsasalarawan ng buhay ng mga magigiting na krusador. Bukod tangi ang pelikulang Richard the Lion Heart dahil si Richard ay hari ng England na nanguna sa ikatlong Krusada para mabawi ang Banal na Lupa sa mga Turkong Muslim. Sana itong mga uri ng pelikula ang makahiligan mo dahil sa liban sa punong-puno ng aksyon, ito ay batay pa sa tunay na pangyayari sa buhay ng mga Kristyano na may pagmamalasakit sa simbahan at relihiyon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Malalaman ang layunin ng mga krusadang nailunsad;
2. Matatalakay ang resulta ng bawat nailunsad na krusada; at
3. Matutukoy ang mabuti at hindi mabuting naidulot ng krusada.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Iguhit ang apat na gamit na maaaring mapagkilanlan na ang mandirigma noong panahong medyibal ay isang krusador.

Ang krusada ay isang ekspedisyong military na inilunsad ng Kristyanong Europeo dahil sa panawagan ni Papa Urban II noong 1095. Ito ay isang banal na labanan ng mga relihiyosong Europeo laban sa mga Turkong Muslim na sumakop banal na pook sa Jerusalem. Mula Jerusalem balak salakayin ng mga Turkong Muslim na ito ang Imperyong Byzantine kaya humingi ng tulong ang Emperador ng Byzantine sa Papa sa Roma lalo pa at sa pagsalakay na ito ay mapapalaganap ang relihiyong Islam. Sa panawagan ni Papa Urban, hinimok niya ang mga kabalyero (knights) na maging krusador at pinangakuan niya ang mga ito na papatawarin sila sa kanilang mga kasalanan; kalayaan sa mga pagkautang; at kalayaang pumili ng “fref” mula sa lupa na kanilang masakop.

***Unang Krusada***

Ang unang krusada ay binuo ng mga 3000 na kabalyero at 12000 na mandirigma sa pamumuno ng Prinsipe at mga Frances na nabibilang sa "nobility". Matagumapy na nabawi ng grupong ito ang Jerusalem noong 1099 at nagtatag sila ng Estadong Krusador malapit sa Mediterranean. Sa pagsalakay nila sa Jerusalem, maraming Muslim ang napatay, pati na ang mga Hudyo at Kristyano. Nanatili sila ng mga limampung taon sa Jerusalem ngunit sinalakay din sila ng mga Muslim.

***Ikalawang Krusada***

Sa paghihikayat ni St Bernard ng Clairvaux, sinamahan siya nina Haring Luis VII ng Pransya at Emperor Conrad III ng Germany. Maraming balakid na naranasan ang grupong ito sa pagpunta sa Silangan at ang pinakatagumpay nila ay ang pagsakop ng Damascus.

***Ikatlong Krusada: Krusada ng mga Hari***

Ito na marahil ang pinaka mahalagang Krusada dahil; tatlong Hari ng Europa ang nanguna ditto: Frederick Barbossa ng Germany; Richard I ng England and Philip Augustus ng France. Hindi pa man sila nakalayo sa pinanggalingang Europa ay nalunod nsi Ferdirick at si Philip naman ay bumalik sa France dahil nag-away sila ni Richard. Nagpatuloy si Richard hanggang sa nagkasagupaan sila ni Saladin, ang pinuno ng mga Turko. Sa kahulihulihan nagkasundo silang tumigil ng labanan sa loob ng tatlong taon ang mga Kristiyano ay malayang nakapaglakbay sa Jerusalem. Binigyan pa sila ng maliit na lupain malapit sa baybayin.

### *Krusada ng mga Bata*

Noong 1212 isang labing dalawang taong Frances na ang pangalan ay Stephen ay naniwala na siya ay tinawag ni Kristo na mamuno ng krusada. Libong mga bata ang sumunod sa kanya ngunit karamihan sa kanila ay nagkasakit, nasawi sa karagatan at ang iba ay ipinagbili bilang alipin sa Alexandria.

### *Ikaapat na Krusada*

Ang ikaapat na krusada na inulunsad noong 1202 ay nagging isang iskandalo. Ang mga krusador ay ibinuyo ng mga mangangalakal ng Venetra na Kristyanong bayan ng Zara. Nagalit ang Papa sa ginawa nilang ito kya sila ay dineklarang “excomunicado”. Nagpatuloy sa pagdarambong ang mga krusador hanggang sa Constantinople kung saan nagtayo sila ng sariling pamahalaan. Noong 1261 sila ay napatalsik sa Contantinople at naibalik ang imperyong Byzantine. Ang huling kuta ng mga Kristiyano sa Arce ay napasakamay ng mga Muslim at ito ay naging simula ng paghina ng krusada.

### *Iba pang Krusada*


Nakaroon ng ibang krusada noong 1219, 1228, 1224 ngunit lahat ng mga ito ay nagging bigo sa pagbawi muli sa Holy Land.

Sa kabuuhan, ang mga krusada ay pawang bigo, maliban sa una na nahawakan nila ang Jerusalem sa loob ng isang daang taon at pagkatapos nito ay nanumbalik na naman sa kamay ng mga Turkong Muslim ang lupain.

***Resulta ng Krusada***

Kung mayroon mang magandang naidulot ang krusada, ito ay sa larangan ng kalakalan. Napalaganap ang komersyo at ito ay nagsilbing salik sa pag-unlad ng mga lungsod at malalaking daungan. Ang kulturang Kristyano ay napayaman din.

Sa kabilang panig, ang krusada ay naglantad ng tunay na mga layunin ng mga sumama sa gawaing ito. Hindi pagmamalasakit sa simbahan ang nagging dahilan sa pagsama sa banal na laban na ito kundi ang pagkakataong makapaglakbay at mangalakal.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng "retrieval chart" kung saan itatala mo ang mga sumusunod.

| 3 Importanteng Krusada | Pinuno | Katangian | Bunga |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |



**Tandaan Mo!**


- Ang krusada ay ekspedisyong militar na ginawa ng mga Kristyano para makuha muli ang banal na lupain. Maraming krusada ang nailunsad ngunit lahat ay bigo, ganon pa man may kabuthan ding naidulot ito dahil napaunlad ang kulturang Kristyanosmo.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang Kristiyanismo ay nag-ugat sa Hudaismo. Si Jesus ang pinadalang Tagapagligtas o Messiah ng Diyos Ama ngunit hindi Siya tinanggap ng mga Hudyo. Siya ay pinako sa Krus ngunit nabuhay muli at ang kanyang turo ay pinalaganap ng kanyang mga apostoles, disipulo at tagasunod.
- Ang Papa ang pinuno ng Simbahang Katoliko. Ang unang kinilalang pinuno ay ang unang Obispo sa Roma na si Peter. Ang Obispo ng Roma ang siyang kinilalang pinuno rin ng Simbahang Katoliko at siya ay tinawag na Papa na ang kahulugan ay ama ng mga Kristyano. Ang Papa ay napakamakapangyarihan noong gitnang panahon.
- Ang krusada ay ekspedisyong militar na ginawa ng mga Kristyano para makuha muli ang banal na lupain. Maraming krusada ang nailunsad ngunit lahat ay bigo, ganon pa man may kabuthan ding naidulot ito dahil napaunlad ang kulturang Kristyanosmo.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pinakamataas na pangkat bsa lupunan noong panahong midyibal?
   a. burgis
   b. maharlika
   c. clerego
   d. mangangalakal

2. Sino sa mga sumusunod ang pinuno ng Turkong Muslim nanasagupa ni Haring Richard I ng England?
   a. Philip
   b. Mohammad
   c. Saladin
   d. Abu Bakr

3. Sentro ng Simbahang Greek Orthodox sa Silangan na bahagi ng Imperyong Romano.
   a. Jerusalem
   b. Damascus
   c. Constantinople
   d. Antioch

4. Si Charlemagne na nagging Emperador ng Banal na Imperyo Romana ay mula sa:
   a. Germany
   b. Italy
   c. France
   d. Constantinople

5. Ang Krusada noong panahong midyibal ay:
   a. Kilusan ng mangangalakal
   b. Banal na digmaan
   c. Kampanya sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   d. Torneo na iidinadaos pagpista sa kaharian

6. Ang sagisag ng Krusada ay
   a. espada
   b. krus
   c. medaly
   d. kabayo

7. Alin sa mga sumusunod ang may malaking ginampanang papel sa paglakas ng Simbahang katoliko dahil nahikayat nila ang mga barbaro na maging Kristiyano?
   a. panginoong Piyudal
   b. kabalyero
   c. monghe
   d. Obispo

8. Sino ang kinikilalang Tagapagligtas o Messiah ng mga Kristiyano?
   a. St.Peter
   b. Jesukristo
   c. St. Paul
   d. Moses

9. Sino ang itinuturing na " Ama ng mga Hudyo"?
   a. Moses
   b. Jacob
   c. Abraham
   d. Jesus

10. Sino sa mga sumusunod ang binigyan ng Sampung Utos ng Diyos?
   a. Moses
   b. Jacob
   c. Abraham
   d. Jesus



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. C
4. B
5. B
6. A
7. C
8. B
9. C
10. D

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. C
4. C
5. B
6. B
7. C
8. B
9. C
10. A